# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Sta. Cruz, Laguna


SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG NOBYEMBRE 25, 2024, LUNES, IKA-09:30 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Norman T. Tolentino | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Mark Anthony M. Juangco | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad – legal reason |

OF THE SANGGUNIANG BAYAN RELEASED NAME DATE 12/1/24 TIME STA. CRUZ, LAGUNA

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE RECORDED By: Date: 09 DEC 2024 Santa Cruz, Laguna

**KAPASIYAHAN BLG. 401-T2024**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 40-T2024/ KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 05-T2024 NG SANGGUNIANG BARANGAY NA NAGLALAAN NG HALAGANG LIMANG DAAN PITUMPU'T TATLONG LIBO ANIMNARAAN ANIMNAPU'T APAT NA PISO AT APATNAPUNG SENTIMOS (P573,664.40) PARA SA 20 BAHAGDANG PONDONG PANGKAUNLARAN (20% DEVELOPMENT FUND) NG BARANGAY MALINAO.**

**SAPAGKAT**, ang halagang P573,664.40 ay nakatakdang ilaan sa mga programa, gawain at Proyektong Pangkaunlaran mula sa 20 Bahagdang Kabahagi ng Rentas-Internas ng nabanggit na barangay sa Taong 2025;

**SAPAGKAT**, ito ay tinalakay ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan at napaliwat sa mga Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan at Lupon sa Barangay Affairs para sa pagsusuri at pag-aaral;

**SAPAGKAT,** matapos na ito ay masuri at malaman na ang mga binalangkas na programa, gawain at proyekto ay tumutugon sa pangangailangan ng nabanggit na barangay ay inirekomenda ng nasabing lupon na pagtibayin na ang 20 Bahagdang Pondong Pangkaunlaran ng Barangay Malinao.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan), na pinangalawahan nina Kgg. Norman T. Tolentino, Kgg. Lea A. Almarvez, Kgg. Ambiel John C. Panganiban at Kgg. Lucena R. Odejar at pagkakaisa ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG**: Pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 40-T2024 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 05-T2024 ng Sangguniang Barangay na naglalaan ng halagang P573,664.40 para sa 20 Bahagdang pondong Pangkaunlaran ng Barangay Malinao.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos at Sangguniang Barangay ng Malinao, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Nobyembre 25, 2024**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA LUISA F. JOLO**
Gumaganap na Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY: 12-06-'24

**KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan

LAM/CEL 24

20024/448